DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

BAGONG PILIPINAS

# Lokasyon ng Pilipinas at Timog-Silangang Asya

**ARALING PANLIPUNAN 7**
**UNANG TERMINO | UNANG LINGGO**

**UNANG ARAW**

Ngunit hindi rito nagtatapos ang ating paglalakbay.

Ngayong Grade 7, palalawakin natin ang ating pagtingin.

Mula sa pagkilala sa sariling

**KASAYSAYAN**

sisimulan nating unawain ang

**PILIPINAS**

hindi lamang bilang isang bansa, kundi bilang bahagi ng isang mas malawak na rehiyon.



Sapagkat hindi maaaring pag-aralan ang Pilipinas nang hiwalay sa kaniyang kinalalagyan.

Ang mga anyong lupa at anyong tubig, mga karatig-bansa, klima, at likas na yaman



ay may malaking impluwensiya sa ating kasaysayan, kultura, kabuhayan, at pamumuhay.


Kung tutuusin, kahit ang pinakamagandang kuwento ay mahirap unawain kung hindi natin alam kung saan ito naganap.

Kaya sa bagong yugto
ng paglalakbay sa

**ARALING PANLIPUNAN,**

magsisimula ang pagtuklas
hindi muna sa mga bayani,

kundi sa mismong
kinalalagyan ng Pilipinas
sa daigdig.



# GPS ng Kaalaman: Bago Hanapin ang Pilipinas, Hanapin Muna ang mga Clue!

May mga espesyal na linya sa globo na nagsisilbing gabay upang matukoy ang eksaktong lokasyon ng mga lugar sa mundo.

Basahin ang bawat paglalarawan at tukuyin ang tinutukoy na konsepto.

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Ito ang imahinaryong guhit na naghahati sa daigdig sa Hilaga at Timog Hating-Daigdig. | Sagot: Ekwador |
| 2 | Ito ang mga imahinaryong guhit na pahalang na sumusukat ng layo ng isang lugar mula sa Ekwador. | Sagot: Latitud |
| 3 | Ito ang mga imahinaryong guhit na patayo na sumusukat ng layo ng isang lugar mula sa Prime Meridian. | Sagot: Longhitud |
| 4 | Ito ang pangunahing guhit ng longitude na may sukat na 0°. | Sagot: Prime Meridian |
| 5 | Ito ang linyang ginagamit bilang batayan ng pagbabago ng petsa sa mundo. | Sagot: International Date Line |






Kung ang kasaysayan ay may mga bayani,
may mga gabay ding ginagamit upang matukoy kung saan naganap ang kanilang mga kuwento.



Isa sa mga pinakamahalagang gabay na ito ay ang


# Ganap na Lokasyon (Absolute Location),




na gumagamit ng mga guhit ng latitude at longitude upang matukoy ang eksaktong kinalalagyan ng isang lugar sa daigdig.

**Halimbawa, ang Pilipinas ay matatagpuan sa humigit-kumulang 4°23' hanggang 21°10' Hilagang Latitud at 116° hanggang 127° Silangang Longhitud.**





**Sa pamamagitan ng mga coordinates na ito, natutukoy ang tiyak na lokasyon ng isang bansa.**

**Ngunit paano kung walang eksaktong coordinates? Paano mailalarawan ang lokasyon ng isang lugar gamit lamang ang mga nakapaligid dito?**



## Mas madalas ilarawan ang lokasyon batay sa mga lugar na nasa paligid nito.

**Ang ganitong paraan ng pagtukoy ng lokasyon ay tinatawag na**

# RELATIBONG LOKASYON.




**Inilalarawan nito ang kinalalagyan ng isang lugar batay sa kaugnayan nito sa mga kalapit na bansa, anyong lupa, anyong tubig, o iba pang mahahalagang palatandaan.**

**Kung maaaring ilarawan ang lokasyon ng isang paaralan gamit ang mga nakapaligid na gusali, maaari ring ilarawan ang lokasyon ng isang bansa gamit ang mga karatig-bansa at anyong tubig na nakapaligid dito.**




# PILIPINAS:
# SINO ANG MGA KAPITBAHAY?



# PILIPINAS: SINO ANG MGA KAPITBAHAY?

**Suriin ang mapa ng Timog-Silangang Asya at tukuyin ang Relatibong Lokasyon ng Pilipinas.**




**Ang Pilipinas ay matatagpuan sa Hilagang-Silangang Hating-Daigdig at nasa timog-silangang bahagi ng Asya. Nasa kanluran nito ang (1) Vietnam, nasa timog-kanluran ang (2) Brunei, nasa hilaga ang (3) Taiwan, at nasa hilagang-kanluran ang (4) China. Sa timog naman matatagpuan ang (5) Indonesia.**

# PILIPINAS: SINO ANG MGA KAPITBAHAY?

**Suriin ang mapa ng Timog-Silangang Asya at tukuyin ang Relatibong Lokasyon ng Pilipinas.**




**Napaliligiran din ang bansa ng iba't ibang anyong tubig. Nasa kanluran ang (6) West Philippine Sea / South China Sea, nasa silangan ang (7) Philippine Sea at Pacific Ocean, nasa timog-kanluran ang (8) Sulu Sea, at nasa katimugan ang (9) Celebes Sea. Bahagi ang Pilipinas ng rehiyong (10) Timog-Silangang Asya.**


**Makikita na ang Pilipinas ay hindi nag-iisa.**

**Ito ay kabilang sa isang mas malaking pangkat ng mga bansa na tinatawag na**

# TIMOG-SILANGANG ASYA.





**Upang higit na maunawaan ang rehiyong ito, mahalagang malaman muna kung saan ito matatagpuan sa daigdig.**




# Sa pamamagitan ng

# **ABSOLUTE LOCATION,**

**matatagpuan ang Timog-Silangang Asya sa humigit-kumulang 28° Hilagang Latitud hanggang 11° Timog Latitud at 92° Silangang Longhitud hanggang 141° Silangang Longhitud.**









Matatagpuan din ang malaking bahagi ng Timog-Silangang Asya sa loob ng sonang TROPIKAL, sa pagitan ng **TROPIC OF CANCER** at **TROPIC OF CAPRICORN.**






Sa pamamagitan naman ng **RELATIVE LOCATION,** matatagpuan ang Timog-Silangang Asya:

- sa timog ng China
- sa silangan ng Timog Asya at Bay of Bengal
- sa kanluran ng Pacific Ocean at Oceania
- sa hilagang-kanluran ng Australia





Dahil sa lokasyon nito, naging tagpuan ang Timog-Silangang Asya ng mga mangangalakal, manlalakbay, at iba't ibang kabihasnan mula sa Silangan at Kanluran.





## Hindi kataka-takang nagkaroon ito ng iba't ibang pangalan noon.

- **Nanyang (South Seas)** — tawag ng mga Tsino.
- **Nan'yo (South Seas)** — tawag ng mga Hapones.
- **Suvarnabhumi (Land of Gold)** — tawag ng mga taga-Timog Asya.





**Ang mga pangalang ito ay nagpapakita kung gaano kahalaga ang Timog-Silangang Asya sa pananaw ng iba't ibang sinaunang kabihasnan.**




Ang Timog-Silangang Asya ay hindi isang hiwalay na kontinente.

Bahagi ito ng mas malaking kontinente ng ASYA.




# Ang Timog-Silangang Asya ay isa sa **LIMANG** rehiyon ng Asya.




# SILANGANG ASYA



# Timog Asya


Iran
Afghanistan
Pakistan
India
Nepal
Bhutan
Bangladesh
Sri Lanka
Maldives
WorldAtlas


# Kanlurang Asya




# Hilagang Asya



# Timog-Silangang Asya



# Ang ASYA naman ay isa sa PITONG KONTINENTE ng daigdig:





**Sa panahon ng GPS,**
**Google Maps, at navigation apps,**
**madali nang hanapin kung**
**nasaan ang isang lugar.**

**Ngunit walang aplikasyon**
**na makapagsasabi**
**kung paano maging**
**mabuting mamamayan.**

**Ang direksiyong iyon**
**ay nagsisimula sa kaalaman,**
**paggalang, pananagutan, at**
**pagmamahal sa bayan.**



Kaya habang natututunan ang
lokasyon ng Pilipinas sa mapa,
huwag ding kalimutang hanapin
ang tamang direksiyon sa buhay.

Dahil ang tunay na tagumpay
ay hindi lamang ang makarating
sa tamang destinasyon,
kundi ang maging mabuting tao
sa bawat hakbang
ng paglalakbay.